

4

# Lingguhang Aralin sa GMRC

Kuwartar 1

Linggo

1

## Gawaing Pampagkatuto sa GMRC Kuwarter 1: Linggo 1

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Kagawaran ng Edukasyon – NCR sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa [ncr@deped.gov.ph](mailto:ncr@deped.gov.ph).

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Patnugot: Sara Z. Duterte

Ikalawang Patnugot: Gina O. Gonong

### Bumuo ng Materyal

<b>Manunulat:</b>	Nimfa S. Medriano, Cristy D. Sagun,
<b>Content Reviewer:</b>	Mary Ann Grace B. Dulay
<b>Tagaguhit:</b>	Mark Jay Q. Bongolan
<b>Tagalapat:</b>	Abraham G. Ocan, Patricia Ulyne F. Garvida
<b>Enhanced by:</b>	Marietta S. Caballero, Epifania S. Ong
<b>External Content Validator:</b>	Catherine C. Elegido, Irene de Robles
<b>External Language Validator:</b>	Ruen P. Lomo

### Namahala sa Pagbuo ng Materyal


**JOCELYN DR ANDAYA** *CESO IV*, Regional Director  
**CRISTITO A. ECO** *CESO III*, Assistant Regional Director  
**MICAH G. PACHECO**, OIC Chief Education Program Supervisor  
**ROLAND D. MONTES**, Regional GMRC/VE Education Program Supervisor  
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor  
**TOMAS C. GALIZA**, LR Education Program Supervisor

<b>MATATAG Kto10 Kurikulum Lingguhang Aralin</b>	<b>Paaralan:</b>		<b>Baitang:</b>	
	<b>Pangalan ng Guro:</b>		<b>Asignatura:</b>	
	<b>Petsa at Oras ng Pagtuturo:</b>		<b>Kuarter:</b>	

	<b>UNANG ARAW</b>	<b>IKALAWANG ARAW</b>	<b>IKATLONG ARAW</b>	<b>IKAAPAT NA ARAW</b>
<b>I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM</b>				
<i>A. Pamantayang Pangnilalaman</i>	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa sariling kakayahang mag-isip at magmahal na natatangi sa tao.			
<i>B. Pamantayan sa Pagganap</i>	Naisasagawa ng mag-aaral ang mga kilos na nagpapakita ng kakayahang mag-isip at magmahal ng tao bilang tanda ng pagpapahalaga sa sarili.			
<i>C. Lilinging Pagpapahalaga</i>	Pagpapahalaga sa Sarili (Valuing oneself)			
<i>D. Mga Kasanayang Pampagkatuto</i>	<p>Naisasabuhay ang pagpapahalaga sa sarili sa pamamagitan ng pagbibigay-halaga sa mga sariling kakayahan na wala sa ibang nilalang (hal. kakayahang magpasiya, umunawa ng damdamin ng iba)</p> <p>a. Nailalarawan ang mga katangian ng tao na nagpapabukod-tangi sa kaniya sa ibang nilalang.</p> <p>b. Naipaliliwanag na ang sariling kakayahang mag-isip at magmahal na natatangi sa tao ay magagamit</p>			

	<p>niya upang mapabuti ang kaniyang mga gawi at pakikipag-ugnayan sa kapuwa.</p> <p>Nakapag-aangkop ng mga kilos na nagpapakita ng kakayahang mag-isip at magmahal ng tao bilang bahagi ng kaniyang pagkabukod-tangi.</p>			
<i>E. Mga Layunin</i>	<p>a. Nailalarawan ang mga katangian ng tao na nagpapabukod-tangi sa kaniya sa ibang nilalang.</p>	<p>b. Naipaliliwanag na ang sariling kakayahang mag-isip at magmahal na natatangi sa tao ay magagamit niya upang mapabuti ang kaniyang mga gawi at pakikipag-ugnayan sa kapuwa.</p>	<p>c. Nakapag-aangkop ng mga kilos na nagpapakita ng kakayahang mag-isip at magmahal ng tao bilang bahagi ng kaniyang pagkabukod-tangi.</p>	<p>d. Nailalarawan ang mga katangian ng tao na nagpapabukod-tangi sa kaniya sa ibang nilalang.</p> <p>e. Naipaliliwanag na ang sariling kakayahang mag-isip at magmahal na natatangi sa tao ay magagamit niya upang mapabuti ang kaniyang mga gawi at pakikipag-ugnayan sa kapuwa.</p> <p>f. Nakapag-aangkop ng mga kilos na nagpapakita ng kakayahang mag-isip at magmahal ng tao bilang bahagi ng kaniyang pagkabukod-tangi.</p>

<i>F. Disensyong Instruksyunal</i>	Ideational Context			
<i>G. 21st Century Skills</i>	Decision Making Critical Thinking			
<b>II. NILALAMAN/PAKSA</b>	Sariling Kakayahang Mag-isip at Magmahal na Natatangi sa Tao			
<b>III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO</b>				
<i>A. Mga Sanggunian</i>	<a href="https://www.youtube.com/shorts/ZgL922ZBw1Q">https://www.youtube.com/shorts/ZgL922ZBw1Q</a> (Para mapanood ang taong may natatanging katangian na nagpapabukod tangi sa kaniya)			
<i>B. Iba pang Kagamitan</i>	mga larawan, lapis, papel, graphic organizer, kopya ng mag-aaral sa indibidwal na gawain, kopya ng grupo ng mag-aaral sa pangkatang gawain	lapis, papel, kopya ng mag-aaral sa indibidwal na gawain, kopya ng grupo ng mag-aaral sa pangkatang gawain	lapis, papel, organizer, kopya ng mag-aaral sa indibidwal na gawain, kopya ng grupo ng mag-aaral sa pangkatang gawain	lapis, papel, kopya ng mag-aaral sa indibidwal na gawain, kopya ng grupo ng mag-aaral sa pangkatang gawain
<b>IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO</b>				
<b>Bago Ituro ang Aralin</b>				
<i>Panimulang Gawain</i>	Sabihin sa mga mag-aaral na pag-aralan ang larawan. Sabihing magagamit nila ang mga obserbasyon nila sa pagpapatuloy ng	Magbalik-aral tungkol sa paglalarawan ng mga katangian ng tao na nagpapabukod- tangi sa kaniya sa ibang nilalan	Magbalik-aral tungkol sa estratehiyang 5-4-3-2-1 teknik na pagtataya sa aralin na ginawa kahapon saka itanong:  Ano ang inyong naaalala sa ating aralin kah	Nangangailangan ng tulong ang inyong kapitbahay dahil nasunugan sila ngunit pinagbawalan ka ng iyong mga magulang na makialam sapagkat ayon sa kanila iyon ay gawain lamang ng mas

	<p>aralin.</p> 			<p>nakatatanda. Ano ang gagawin mo?</p>
<p><i>Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin</i></p>	<p>Sabihin:</p> <p>Sa araw na ito inaasahang:</p> <p>a. mailalarawan ninyo ang mga katangian ng tao na nagpapabukod tangi sa kaniya sa ibang nilalang,</p>	<p>Sabihin:</p> <p>Sa araw na ito inaasahang:</p> <p>a. makapagpapaliwanag sa sariling kakayahang mag-isip at magmahal na natatangi sa tao ay magagamit niya upang mapabuti ang kaniyang mga gawi at pakikipag-ugnayan sa kapuwa</p>	<p>Sabihin:</p> <p>Sa araw na ito kayo ay inaasahang:</p> <p>a. naipaliliwanag na ang sariling kakayahang mag-isip at magmahal na natatangi sa tao ay magagamit niya upang mapabuti ang kaniyang mga gawi at pakikipag-ugnayan sa kapuwa.</p>	<p>Sabihin:</p> <p>Sa araw na ito kayo ay inaasahang:</p> <p>a. mailalarawan ang mga katangian ng tao na nagpapabukod-tangi sa kaniya sa ibang nilalang.</p> <p>b. c. Nakapag-aangkop ng mga kilos na nagpapakita ng kakayahang mag-isip at magmahal ng tao bilang bahagi ng kaniyang pagkabukod-tangi.</p>
<p><i>Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/ Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin</i></p>	<p><b>katangian/talento-</b> ay tumutukoy sa likas na kakayahan, husay, o kakayahan ng isang tao sa isang partikular na larangan o gawain. Ito ay maaaring kaugnay sa sining, musika, pagsusulat, pagsasayaw, pag-awit, magagandang kaugalian at marami pang iba.</p>	<p>Tunay nga na may mga natatanging kakayahan ang tao na hindi matatagpuan sa iba pang anyo ng buhay sa mundo. Ang dalawang pangunahing aspeto na tinalakay mo, ang pag-iisip at pagmamahal, ay nagbibigay-daan sa tao na mapabuti ang sarili at ang kanilang ugnayan sa iba. Ang kakayahang mag-isip at kakayahang magmahal ang susi rito.</p>	<p>Sa pagsasama ng kakayahan sa pag-iisip at pagmamahal, ang tao ay may kapangyarihang mapabuti ang kaniyang mga gawi at pakikipag-ugnayan sa kapuwa. Sa pamamagitan ng tamang paggamit ng kanilang katalinuhan, mga damdamin, at pag-unawa, ang tao ay maaaring magtagumpay sa personal na pag-unlad</p>	<p>Ang kakayahang mag-isip at magmahal ay dalawang pangunahing aspeto ng kahalagahan ng tao bilang isang indibidwal na may malalim na ugnayan sa iba't ibang aspeto ng buhay. Ang mga kakayahang ito ay nagpapahintulot sa atin na magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa mundo, sa ating mga</p>

	<p><b>bukod-tangi-</b> “natatangi” o “isa sa kakaiba” na ginagamit upang tukuyin ang isang bagay, tao, o konsepto na may espesyal o natatanging katangian na nagpapahiwatig ng kakaibang halaga o distinksiyon mula sa iba.</p> <p>Mahalaga rin na malaman na habang may mga likas na talento, ang pag-unlad ng mga ito ay nangangailangan pa rin nang tamang pagsasanay, dedikasyon, at pagsusumikap. Ang simpleng talento ay maaaring mapalakas at mapabuti sa pamamagitan ng edukasyon, praktis, at patuloy na pag-aaral.</p>		<p>at sa pagpapanatili nang mas makabuluhang mga ugnayan sa kaniyang paligid</p>	<p>sarili, at sa mga ibang tao sa paligid natin.</p>
--	--	--	--	--

**Habang Itinuturo ang Aralin**

<p><i>Pagbasa/Pag-unawa sa mga Susing Ideya</i></p>	<p>Pagkatapos pag-aralan ng mga mag-aaral ang mga larawan sa Panimulang Gawain at sa pag-unawa sa susing-salita/parirala o mahahalagang Konsepto</p>	<p>Ipabasa sa bata at bahagyang ipaliwanag ang mga sumusunod:</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. <b>Kakayahang Mag-isip (Cognitive Abilities):</b> Ang</li> </ol>	<p>Basahing muli ang mga susing ideya at bahagyang ipaliwanag muli ang mga ito base sa talakayan kahapon.</p>	<p><b>Kritikal na Pag-iisip:</b> Ang kritikal na pag-iisip ay nagpapahintulot sa atin na suriin at balansehin ang mga impormasyon, ideya, at</p>
---	--	--	---	--



	<p>sa Aralin, itanong ang mga sumusunod:</p> <p>a. Maaari ba ninyong ilarawan ang inyong mga katangian na sa tingin ninyo ay bukod tangi?</p> <p>Nasisiyahan ba kayo sa pagkakaroon ng katangian/talento?</p>	<p>kakayahang mag-isip ay nagpapaangat sa tao mula sa iba pang mga nilalang, at ito ang nagbibigay sa kaniya ng kapasidad na magplano, magsuri, at magdesisyon. Sa pamamagitan ng paggamit ng kaniyang katalinuhan, maaaring gawin ng tao ang sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Pag-aaral at Pagsusuri: Sa pamamagitan ng kaniyang kakayahang mag-isip, ang tao ay may kakayahang mag-aral at pumukaw ng kaalaman.</li> <li>• Ipinapakita nito na ang tao ay maaaring magpatuloy sa pag-aaral at pag-unlad sa iba't ibang aspeto ng buhay.</li> <li>• Pag-aalala at Pagpaplano: Ang tao ay may kakayahang mag-isip tungkol sa hinaharap, mag-</li> </ul>	<p>1. <b>Kakayahang Mag-isip (Cognitive Abilities):</b> Ang kakayahang mag-isip ay nagpapaangat sa tao mula sa iba pang mga nilalang, at ito ang nagbibigay sa kaniya ng kapasidad na magplano, magsuri mag-analisa at magdesisyon. Sa pamamagitan ng paggamit ng kaniyang katalinuhan, maaaring gawin ng tao ang mga sumusunod:</p> <p>2. <b>Pag-aaral at Pagsusuri:</b> Sa pamamagitan ng kaniyang kakayahang mag-isip, ang tao ay may kakayahan na mag-aral at pumukaw ng kaalaman.</p> <p>Ipinapakita nito na ang tao ay maaaring magpatuloy sa pag-aaral at pag-unlad</p>	<p>argumento bago tayo magdesisyon. Ito ay nagbibigay sa atin ng kakayahang magtanong, sumuri, at magpasya batay sa ebidensya.</p> <p><b>Pagsusuri at Pag-aaral:</b> Ang kakayahang mag-aral ay nagbibigay- daan sa atin na mapanatili ang ating interes at kaalaman sa iba't ibang aspeto ng buhay. Ito ay nagpapahintulot sa atin na mas mapalawak ang ating pang-unawa sa mga bagong karanasan at konsepto.</p> <p><b>Abstrakto at Konseptwalisasyon:</b> Ang tao ay may kakayahang mag-isip ng mga konsepto at ideya na nasa loob ng kanilang isip lamang, kahit wala itong pisikal na anyo. Ito ay nagpapahintulot sa atin na magkaroon ng malalim na pang- unawa sa mga abstraktong konsepto tulad ng katarungan, pag-ibig, at kagandahan.</p> <p><b>Kakayahang Magmahal:</b> Ang kakayahang magmahal ay nagpapahintulot sa</p>
--	---	--	--	---



		<p>isip ng mga solusyon sa mga problema, at magplano ng mga hakbang upang makamit ang mga layunin. Ito'y nagbibigay-daan para sa pagpapalakas ng kakayahan sa pag-organisa at pagtitiwala sa sarili.</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Kritikal na Pag-iisip: Ang kakayahan ng tao na mag-isip nang kritikal ay nagpapahintulot sa kanya na suriin ang mga impormasyon, tumingin sa iba't ibang perspektibo, at piliin ang mga pinakamahasay na pagkilos. Ito ay napakahalaga sa paggawa ng mga mabuting desisyon.</li> </ul> <p>2. <b>Kakayahang Magmahal (Capacity to Love):</b> Ang pagmamahal ang nagbibigay- buhay sa karanasan ng tao, at ito ay isang</p>	<p>sa iba't ibang aspeto ng buhay.</p> <p>3. <b>Pag-aalala at Pagpapalano:</b> Ang tao ay may kakayahang mag-isip tungkol sa hinaharap, mag-isip ng mga solusyon sa mga problema, at magplano ng mga hakbang upang makamit ang mga layunin. Ito'y nagbibigay-daan para sa pagpapalakas ng kakayahan sa pag-organisa at pagtitiwala sa sarili.</p> <p>4. <b>Kritikal na Pag-iisip:</b> Ang kakayahan ng taong mag-isip nang kritikal ay nagpapahintulot sa kaniya na suriin ang mga impormasyon, tumingin sa iba't ibang perspektibo, at piliin ang mga pinakamahasay na pagkilos. Ito ay napakahalaga sa paggawa ng mga mabuting desisyon.</p>	<p>atin na magkaroon ng koneksyon at ugnayan sa ibang tao at mundo. Ito ay nagpapakita ng kabutihan, malasakit, at pag-unawa sa mga damdamin at pangangailangan ng iba. Ilan sa mga aspeto nito ay ang mga sumusunod:</p> <p>Empatiya: Ang empatiya ay ang kakayahang maunawaan at maramdaman ang nararamdaman ng iba. Ito ay nagpapahintulot sa atin na magkaroon ng malasakit at respeto sa kanilang mga karanasan.</p> <p><b>Pagkamalalasakit:</b> Ang pagkama-lasakit ay nagpapahayag ng pag-alala at pagmalasakit sa kapakanan ng iba. Ito ay nagbibigay-inspirasyon sa atin na tumulong, magbigay-suporta, at maging mapagmahal sa kapuwa.</p> <p><b>Pag-unawa sa Pagkakaiba-iba</b> Ang kakayahang magmahal ay nagpapalawak din ng ating pang-unawa sa mga taong may iba't ibang pananaw, kultura, at karanasan. Ito ay</p>
--	--	---	--	--

		<p>natatanging kakayahan na nag-uugnay sa kanya sa kapwa. Ang pagmamahal ay naglalagay ng halaga sa ugnayan, nagbibigay-inspirasyon, at nagpapalalim sa pag-unawa. Sa pamamagitan ng kakayahang ito, ang tao ay maaaring:</p> <p>3. <b>Magkawanggawa:</b> Ang pagmamahal ay nagbibigay-inspirasyon sa tao na magkawanggawa at magbigay sa iba.</p> <p>Ito'y nagpapalakas sa kahalagahan ng pagtulong at pagpapakita ng malasakit sa iba.</p> <p>4. <b>Magbigay-Pansin at Makinig:</b> Ang pagmamahal ay nagpapakita sa tao ng kahandaan na magbigay-pansin sa iba at makinig sa kanilang mga pangangailangan.</p>	<p>5. <b>Kakayahang Magmahal (Capacity to Love):</b> Ang pagmamahal ang nagbibigay-buhay sa karanasan ng tao, at ito ay isang natatanging kakayahan na nag-uugnay sa kanya sa kapuwa. Ang pagmamahal ay naglalagay ng halaga sa ugnayan, nagbibigay-inspirasyon, at nagpapalalim sa pag-unawa. Sa pamamagitan ng kakayahang ito, ang tao ay maaaring:</p> <p>6. <b>Magkawanggawa:</b> Ang pagmamahal ay nagbibigay-inspirasyon sa tao na magkawanggawa at magbigay sa iba.</p> <p>Ito'y nagpapalakas sa kahalagahan ng pagtulong at pagpapakita ng malasakit sa iba.</p> <p>7. <b>Magbigay-Pansin at Makinig:</b> Ang pagmamahal ay nagpapakita sa tao</p>	<p>nagpapalalim sa ating ugnayan sa iba't ibang uri ng tao.</p> <p>Sa pangkalahatan, ang kakayahang mag-isip at magmahal ay nagbibigay sa atin ng pagkakataon na maging mas matalino, maunawaan ang mga iba't ibang aspeto ng buhay, at magkaroon ng mas makabuluhang ugnayan sa kapwa. Ito ay mahalaga sa pagbuo ng mabuting pagkatao at pagiging mahusay na kasapi ng lipunan.</p> <p>Gamit ang estratehiyang <i>Act mo, Hula Ko:</i></p> <p>1. Tumawag ng 5 mag-aaral na bubunot ng piraso ng papel mula sa kahon ng mga natatanging kakayahan talent.</p> <p>Isa-isa itong ipapahula ng mga nakibunot sa pamamagitan ng pagsagawa sa harap ng kanilang mga kaklase.</p>
--	--	---	--	---

		<p>Ito ay nagpapabuti sa kalidad ng ugnayan at komunikasyon.</p> <p>5. <b>Pag-unawa at Empatiya:</b> Ang pagmamahal ay nagbibigay daan para sa pag-unawa at pagmalasakit.</p> <p>Ito ay nagpapalawak sa kakayahang maunawaan ang mga damdamin, pangangailangan, at karanasan ng iba.</p> <p>1. Magdikit ng dalawang <i>Manila Paper</i> sa sulok ng silid-aralan na may nakasulat na: <i>Ang Aking Natatanging Kakayahan</i>, at ang <i>Natatanging Kakayahang Nais Kong Makamtan</i>.</p> <p>2. Ipagawa ang Gawain 1 para sa Ikalawang Araw na nasa <i>attachments</i>.</p> <p>3. Magkaroon ng malayang talakayan at iugnay ang kanilang mga isinulat sa sulok (Manila Paper) tungo sa pagpapaunlad ng kaalaman sa aralin.</p>	<p>ng kahandaan na magbigay-pansin sa iba at makinig sa kanilang mga pangangailangan. Ito ay nagpapabuti sa kalidad ng ugnayan at komunikasyon.</p>	<p>Balikan muli ang nangyaring halimbawa kay Mona at itanong:</p> <p>1. Paano naipaliliwanag ni Mona ang kanyang sitwasyon sa kanyang mga kalaro? Sa tingin ninyo, nagalit ba sa kaniya ang kanyang pagkatapos niyang magpaliwanag?</p>
--	--	---	---	---

<p><i>Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya</i></p>	<p>Paunlarin ang kaalaman at kasanayan sa mahahalagang pag-unawa/susing ideya ng mag-aaral sa pamamagitan ng mga sumusunod na katanungan:</p> <p>a. Sa inyong palagay, nasisiyahan ba ang inyong kapuwa sa inyong ipinakikitang katangian/talento?</p> <p>Ano-ano ang inyong dapat gawin upang lalo pa kayong humusay sa inyong natatanging kakayahan/talento?</p>	<p>Talakayin at ipaliwanag na ang sariling kakayahang mag-isip at magmahal na natatangi sa tao ay magagamit upang mapabuti ang kaniyang mga gawi at pakikipag- ugnayan sa kapuwa.</p> <p><i>Halimbawa:</i></p> <p>Nakita ni Mona na masayang naglalaro ng habulan ang kaniyang mga kaibigan sa labas. Niyaya siya ng mga ito ngunit bilin ng kaniyang ina na tapusin ang kaniyang proyektong poster upang maisumite niya sa kaniyang guro kinaumagahan kaya natagalan</p> <p>siyang lumabas ng kanilang bahay.</p> <p>Paglabas niya ng kanilang bahay ay tinanong siya ng kaniyang mga kalaro kung bakit napakatagal niyang lumabas upang makipaglaro.</p>	<p><b>Pag-unawa sa</b> Pagkakaiba-iba Ang kakayahang magmahal ay nagpapalawak din ng ating pang-unawa sa mga taong may iba't ibang pananaw, kultura, at karanasan. Ito ay nagpapalalim sa ating ugnayan sa iba't ibang uri ng tao.</p> <p>Sa pangkalahatan, ang kakayahang mag-isip at magmahal ay nagbibigay sa atin ng pagkakataon na maging mas matalino, maunawaan ang mga iba't ibang aspeto ng buhay, at magkaroon ng mas makabuluhang ugnayan sa kapwa. Ito ay mahalaga sa pagbuo ng mabuting pagkatao at pagiging mahusay na kasapi ng lipunan.</p> <p>Gamit ang estratehiyang <i>Act mo, Hula Ko:</i></p> <p>1. Tumawag ng 5 mag-aaral na bubunot ng</p>	<p>ugnayan sa kapwa. Ito ay mahalaga sa pagbuo ng mabuting pagkatao at pagiging mahusay na kasapi ng lipunan.</p> <p>Gamit ang estratehiyang <i>Act mo, Hula Ko:</i></p> <p>2. Tumawag ng 5 mag-aaral na bubunot ng piraso ng papel mula sa kahon ng mga natatanging kakayahan talent.</p> <p>Isa-isa itong ipapahula ng mga nakibunot sa pamamagitan ng pagsagawa sa harap ng kanilang mga kaklase.</p> <p>Balikan muli ang nangyaring halimbawa kay Mona at itanong:</p> <p>1. Paano naipaliliwanag ni Mona ang kanyang sitwasyon sa kanyang mga kalaro? Sa tingin ninyo, nagalit ba sa kaniya ang kanyang</p>
--	--	--	---	--

		<p>Mga tanong;</p> <p>Tama ba ang ginawang pagsunod ni Mona sa kanyang Nanay? Bakit?</p> <p>Kung kayo si Mona tutularan rin ba ninyo ang kanyang ginawa? Bakit</p>	<p>piraso ng papel mula sa kahon ng mga natatanging kakayahan talent.</p> <p>Isa-isa itong ipapahula ng mga nakibunot sa pamamagitan ng pagsagawa sa harap ng kanilang mga kaklase.</p> <p>Balikan muli ang nangyaring halimbawa kay Mona at itanong:</p> <p>1. Paano naipaliliwanag ni Mona ang kanyang sitwasyon sa kanyang mga kalaro? Sa tingin ninyo, nagalit ba sa kaniya ang kanyang mga kalaro pagkatapos niyang magpaliwanag?</p> <p>Ipasagot:</p> <p>Papaano mo mapapaunlad ang paggamit ng iyong sariling natatanging kakayahang mag- isip at magmahal na natatangi sa tao upang mapabuti ang iyong</p>	<p>mga kalaro pagkatapos niyang magpaliwanag?</p>
--	--	--	--	---




			<p>mga gawi at pakikipag-ugnayan sa kapuwa?</p> <p>Isa-isahing iproseso lahat ang mga kasagutan ng mga mag-aaral.</p>	
<p><i>Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya</i></p>	<p><b>Pangkatang Gawain</b></p> <p><b>Unang Pangkat:</b></p> <p>Ilista ang miyembro ng iyong pamilya at ilarawan ang mga katangian nila na nagpapabukod-tangi sa kanila sa ibang nilalang.</p> <p><b>Ikalawang Pangkat:</b></p> <p>Maglista ng 10 sa inyong mga kaklase at ilarawan ang mga katangian nila na nagpapabukod-tangi sa kanila sa ibang nilalang.</p> <p><b>Ikatlong Pangkat:</b></p> <p>Ilista pangalan ng 10 kamag-aral at ilarawan ang mga katangian nila</p>	<ol style="list-style-type: none"> <li>1. Manatili sa inyong grupo.</li> <li>2. Ang bawat grupo ay bibigyan ng Pangkatang Gawain.</li> </ol> <p><b>Unang Pangkat:</b></p> <p>Pangalanan at ilarawan ninyo ang mga natatanging kakayahang nagpapabukod-tangi sa mga miyembro ng Ikalawa, Ikatlo, at Ika-apat na Grupo.</p> <p><b>Ikalawang Pangkat:</b></p> <p>Paano ninyo patutunayan ang sariling kakayahang mag-isip at magmahal na natatangi sa tao ay magagamit ninyo upang mapabuti ang inyong mga gawi at</p>	<p>Buuin ang puzzle sa pamamagitan ng paglalagay ng mga detalye tungkol sa pagpapaliwanag sa sariling kakayahang mag-isip at magmahal na natatangi sa tao ay magagamit ko upang mapabuti ang kaniyang mga gawi at pakikipag-ugnayan sa kapuwa.</p> <p>Pagproseso ng Pangkatang Gawain</p>	<p>Magkaroon ng pangkatang gawain. Bigyan ang bawat grupo ng sitwasyon at bigyan nila ito ng naaangkop na mga kilos na nagpapakita ng kakayahang mag-isip at magmahal ng tao bilang bahagi ng kaniyang pagkabukod-tangi. Lahat ng kasapi sa bawat pangkat ay kinakailangang makibahagi upang matapos ang gawain.</p>

	<p>na nagpapabukod-tangi sa kanila sa ibang nilalang.</p> <p><b>Ikaapat na Pangkat:</b> Ilista ang lahat ng mga bayani na kakilala mo at ilarawan ang mga katangian nila na nagpapabukod-tangi sa kanila sa ibang nilalang.</p> <p>Pagproseso ng Pangkatang Gawain</p>	<p>pakikipag-ugnayan sa kapuwa?</p> <p><b>Ikatlong Pangkat:</b></p> <p>Kailan at papaano naaangkop ang mga kilos na nagpapakita ng kakayahang mag-isip at magmahal ng tao bilang bahagi ng kaniyang pagkabukod-tangi?</p> <p>Iuulat ng bawat grupo ang kanilang awtput pagkatapos ng</p>		
--	--	--	--	--

**Pagkatapos Ituro ang Aralin**

<p><i>Paglalatap at Paglalahat</i></p>	<p>Para sa paglilinaw sa tinalakay, gamitin ang estratehiyang <i>Tanong ko, sagot nila!</i> Tanong nila, sagot ko! Sagutin ang mga tanong ng bawat isa kaugnay ng aralin.</p> <p>Ano ang inyong pagkaunawa sa mga sumusunod at paano</p>	<p>Magpagawa ng <i>Mind Map</i>. <i>Please see attachments.</i></p> <p><i>Buoin ang Mind Map.</i></p> <p>Sumulat ng pagpapaliwanag na nagpapakita ng mga koneksiyon ng iba't ibang ideya, salita, at konsepto tungkol sa sariling kakayahang mag- isip at magmahal na natatangi sa iyo ay magagamit mo upang mapabuti ang</p>	<ol style="list-style-type: none"> <li>1. Iuulat ng bawat grupo ang kanilang awtput pagkatapos ng 10 minuto.</li> <li>2. Pagproseso ng awtput ng bawat grupo (maaaring gawin pagkatapos ng bawat grupo o pagkatapos ng lahat ng grupo).</li> </ol>	<p>Gumawa ng isang pangako.</p> <p>Simula sa araw na ito ako ay</p>
--	--	---	--	---



	<p>ninyo ito naisasagawa bilang isang bata?</p> <p>-Kakayahang mag-isip (Cognitive Abilities)</p> <p>-Kakayahang magmahal (Capacity to Love)</p>	<p>iyong mga gawi at pakikipag-ugnayan sa kapuwa.</p>	<p>Tayain ang natutunan ng klase sa pamamagitan ng pagpapasagot:</p> <p>Ang natutunan ko sa araw na ito ay</p> <p>_____</p> <p>_____</p>	
<p><i>Pagtataya ng Natutuhan</i></p>	<p>A. <b>Panuto:</b> Ilarawan ang mga sumusunod na katangian ng tao na nagpapabukod-tangi sa kaniya sa ibang nilalang. Isulat ang sagot sa patlang.</p> <p>_____ 1. </p> <p>_____ 2. </p> <p>_____ 3. </p>	<p>Gamit ang estratehiyang 5-4-3-2-1 teknik, tayahin kung nauunawaan ng mga mag-aaral ang tinalakay na aralin.</p>	<p>Pangkatin ang klase sa dalawa at magkaroon ng debate:</p> <p>Ang kakayahang mag-isip at magmahal na taglay ng tao ay naglalarawan sa kaniyang natatanging kalagayan sa mundo. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga ito, may kakayahan ang tao na baguhin ang kaniyang mga gawi at magkaroon ng mas malalim at mas mapanagot na ugnayan sa iba.</p>	<p>Iaangkop ko ang aking mga kilos na nagpapakita ng kakayahan kong mag-isip at magmahal ng tao bilang bahagi ng aking pagkabukod-tangi sa pamamagitan ng</p>

<i>Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)</i>				
<i>Mga Tala</i>				
<i>Repleksiyon</i>				